## Mga nilalaman:

Pulang Giya: Kasarinlan at karapatan, lupa at kabuhayan, hindi *chacha*- P4

Sa papatinding tensyon sa WPS- P6

International *mission* para sa hustisya kay Gerry Ortega- P7

Ang pumapalaot na kabuhayan ng mga mangingisda- P8

Ani Ka Andrei: Epekto ng *strategic island defence* ng US-Marcos II- P10

Tagtuyot dulot ng El Niño, pahirap - P13

Kultura: Ka Abner, ang una kong iskwad lider P14

# Ang Pulang Larangan

TOMO IX BLG.1 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN ENERO-MARSO 2024

## Singilin ang kriminal na kapabayaan ng estado sa tagtuyot na dulot ng El Niño at iba pang sakuna!

Panibagong dagok sa pamumuhay at kabuhayan ng naghihikahos na mamamayan ng Palawan ang kasalukuyang hagupit ng tagtuyot na dulot ng El Niño. Malubha ang epekto nito sa maliliit na magsasaka na umaasa sa pagtatanim ng palay, mais, gulay at iba pang pananim laluna ang mga sahod-ulan at mga walang irigasyon. Apektado rin ang hanapbuhay ng maliliit na mangingisda. Magreresulta pa ito sa kakulangan ng tubig laluna ng inumin sa mga eryang urban.




Bagama't ang El Niño ay isang natural na penomenon, lubos na pinalala ang epekto nito at bulnerabilidad ng mamamayan sa isla dahil sa pagbabago ng klima dulot ng walang habas na pangwawasak ng kapaligiran at kalikasan ng mapandambong na mga dayuhang kumpanya at lokal na naghaharing uring malaking burgesya kumprador—panginoong maylupa kasabwat ang mga ganid na burukrata sa probinsya at ng rehimeng US-Marcos II.

Sa kabila ng sagana sa likas na yaman ang probinsya at nangunguna sa usapin ng agrikultura at pangisdaan sa rehiyon ng MIMAROPA, signipikanteng bilang ng mamamayan ng isla ay labis na naghihikahos. Sa pinakahuling sarbey ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Listahanan, mayroon itong 1.3 milyong populasyon, subalit ang 10% nito o 130,000 ay nabubuhay sa ilalim ng *poverty threshold*, kumbaga itinuturing na "poorest of the poor" o pinaka-naghihirap sa hanay ng mahihirap, isang paglalarawan ng kaka-pusan sa mga batayang pangangailangan para mabuhay nang disente. May panunuya pa ang mga opisyal sa gubyerno na sila umano "ang mga walang magawa para remedyuhan ang kanilang kalagayan". Ang totoo, pinagkaitan sila ng mga kagamitan sa produksyon—lupa, kapital o anupamang kasangkapan sa produksyon—para tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pang-araw-araw.

Sa kalagayang may matinding tagtuyot, higit nilang daranasin ang labis na kahirapan. Sa pagsisimula pa lang ng taon, inianunsyo ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) na isa ang Palawan sa walong probinsya sa Luzon na makararanas ng matinding tagtuyot o *drought*. Ang El Niño na nagsimula noong Hunyo 2023

ay isa sa limang pinakamalubha sa kasaysayan, ayon sa World Meteorological Organization (WMO) at patuloy na magkakaroon ng pangmatagalang epekto sa klima.

Sa inilabas na El Niño Situationer Report ng National Disaster Risk Reduction Management Council (NDRRMC) nitong Pebrero, umabot na sa P48 milyon ang halaga ng nasalantang pananim sa 816.38 ektaryang lupang agrikultural sa buong probinsya. Kalakhan nito ay palay, mais at mayroon ding *high value crops*. Lagpas kalahati o nagkakahalaga ng P27 milyon ng napinsalang pananim ay sa bayan ng Brooke's Point, habang pumapangalawa ang bayan ng Narra na may mahigit P10 milyon. Apektado rin ang iba pang bayan tulad ng Coron, Quezon at Roxas na karaniwang may pinsalang nagkakahalaga ng P2-5 milyong bawat isa. Nakakabahala dahil tiyak na lalaki pa ito dahil tinatayang hanggang Hunyo pa ngayong taon matatapos ang El Niño. Ayon sa Office of the Provincial Agriculturist (OPA), 1,200 magsasaka ang apektado ng tagtuyot mula sa mga bayan ng Aborlan, Narra, Sofronio Española, Quezon, San Vicente, Taytay at Bataraza. Konserbatibo ang bilang na ito at hindi pa kasabay sa ulat ang mga magsasaka sa Brooke's Point kung saan pinakamatindi ang napinsala. Sa pinakahuling ulat ng NDRRMC nitong Marso, P1.75 bilyong halaga na ang pinsala sa agrikultura ng tagtuyot sa buong bansa. Apektado ang 29,409 magsasaka at mangingisda, kung saan 2,613 nito ay mula sa MIMAROPA na may lawak ng nasalantang pananim na mahigit 3,000 ektarya.

Sa Barangay New Agutaya ng Bayan ng San Vicente, nakita ng mga magsasaka ang epekto sa kanila ng pagbabago ng klima sa panahong ito. Anila, ang dating pumaparte ng 20 sako, kapag may El Niño ay pumaparte na lang ng walo. Sa isang pag-aaral, ibinahagi rin ng mga maliliit na mangingisda sa mga pulo ng Calamianes (Busuanga, Coron at Culion), na ramdam nila ang epekto ng pagbabago ng klima sa papaliit na nahuhuli nilang isda. Kung dati-rati'y nakakahuli sila ng 20-50kl papunta pa lang sa laot, ngayon balikan na ang takbo nila ay 5kl isda na lang ang naiuuwi nila. Sa pag-init ng klima, ang tendensya ng mga isda ay pumunta sa mas malalim at malamig na bahagi ng dagat, kaya ayon sa mga mangingisda malayo na rin ang kanilang pinamamalakaya. Dagdag pa bukod sa malayo, di pa rin sapat ang huli nila.

Bulnerable ang probinsya sa mga kalamidad. Kapansin-pansin din na sa bawat panahon ng tagtuyot papalaki ang pinsala sa agrikultura at pangisdaan sa probinsya. Noong 2016 ay umabot ito sa halagang P400 milyon, dahilan ng pagdeklara ng *state of calamity* sa buong probinsya at noon namang 2019 ay P5.7 milyon ang halaga ng pinsala. Di hamak na inaasahang mas malala sa kasalukuyan na umaabot na sa P49 milyon nito pa lang Pebrero. Subalit bantulot pa rin ang pamahalaang probinsya na magdeklara ng *state of calamity*, bagay na palalalain pa ang epekto ng tagtuyot sa mamamayan bago magbigay ng karampatang ayuda.

Sa tagtuyot noong 2016, naranasan ng komunidad ng mga katutubong Palaw'an sa isang liblib na lugar sa bayan ng Bataraza ang maubusan ng pagkain na karaniwan ay galing sa gubat, dahil kalakhan ng kanilang mga pinagkukunan ng tubig ay natuyo at hindi na rin sila makapagkaingin. Naiga rin ang ilog kaya umasa na lang sila sa ulan para makapagtanim. Ang Rio Tuba Nickel Mining Corp ay dalawang dekada nang nag-oopereyt sa kanilang lugar at puminsala sa *watershed* ng lugar. Tiyak na ganito rin ang mangyayari sa kasalukuyan.

Nagkukumahog ngayon ang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno sa pagharap sa epekto ng El Niño sa mga magsasaka. Subalit kakarampot na P5,000 sa ilalim ng Rice Farmers Financial Assistance (RFFA) *program* sa 71,795 na magsasaka sa MIMAROPA ang ibinigay nitong ayuda. Ang National Irrigation Administration (NIA) naman ay naghahabol sa paglalagay ng 570 *augmentation pump* sa limang rehiyon kasabay ang MIMAROPA na labis na tinamaan ng tagtuyot. Ngayon din lang isinagawa ang pagkongkreto ng 847.82 kilometro ng *irrigation canal* para umano pakinabangan ng 40,621 magsasaka sa buong bansa. Ang DSWD at Department of Labor and Employment (DOLE) ay nagkakasya naman sa pamimigay ng *food packs* at *cash-for-work* para sa mga mga apektado ng tagtuyot. Subalit, sa gitna ng lawak at tindi ng pinsala ng tagtuyot, patak lamang ang ayuda at serbisyong mula sa rehimeng US-Marcos II. Nanatiling nagdurusa ang masang magsasaka at mangingisda sa tagtuyot at sa kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno sa kanila.

Malaki ang pananagutan ng reaksyunaryong gubyerno sa dinaranas ngayong tagtuyot, at iba pang kalamidad at sakuna ng mamamayan ng Palawan. Ang pakikipagsabwatan nito sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga monopolyong dayuhan, malalaking kumprador-panginoong maylupa ang salarin sa labis na kahirapan ng masang Palaweño. Pinagkakaitan sila ng marangal na pamumuhay sa kabila ng mayaman ang isla at sapat ang likas na yaman para sa


## Ang Pulang Larangan

*Ang **Ang Pulang Larangan** ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*

mamamayan na mabuhay nang matiwasay at maging ligtas sa banta at bulnerabilidad sa kalamidad at mga sakuna.

Dapat singilin at panagutin ang reaksyunaryong gubyerno sa matagal nang kapabayaan sa mamamayan ng isla. Dapat ipanawagan ang karampatang ayuda at sapat na serbisyo sa gitna ng pagdurusa ng mamamayan sa tuwing hahagupit ang tagtuyot at iba pang kalamidad. Dapat patuloy na manindigan ang mga katutubo at buong mamamayan ng isla sa pagpapalayas ng mga mapangwasak na pagmimina, pagpapatigil ng korporadong pagtotroso at mga proyektong sumisira ng *watershed*, kapaligiran at kalikasan. Dapat makiisa ang mamamayan sa pandaigdigang pakikibaka para sa "climate justice" para panagutin ang imperyalistang monopolyo kapitalismo na walang habas na sumisira ng kalikasan; sa walang kabusugang pandarambong sa yamang-likas, mga mineral, *rare earth metals* para sa supertubo at paglikha ng mga gamit pandigma; at pagyurak sa kalayaan at demokrasya ng mga aping bansa at mamamayan na siyang unang nagiging biktima at nagdurusa sa mga delubyong dulot ng pagbabago ng klima.

Dapat determinadong isulong ang armadong pakikibaka ng mamamayan ng isla na siyang tanging katiyakan sa pagwawakas ng pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at pagtatagumpay nito sa buong bansa ang magtitiyak na maisasalba ang isla at buong bansa at makakamit ng mamamayan ang kahandaan, pagiging ligtas sa kalamidad at sakuna, at maaliwalas na sosyalistang hinaharap.

## Ang El Niño at ang pagkawasak ng kalikasan sa Palawan

Ang kasalukuyang El Niño ay may kaugnayan sa pag-init ng ibabaw ng tubig sa gitna at silangang bahagi ng karagatang Pasipiko. Naapektuhan nito ang panahon at klima ng iba't ibang bahagi ng mundo laluna ang nasa Southeast Asia, kabilang na ang Pilipinas. Gayunman, ayon sa WMO ang El Niño 2023-2024 ay nagaganap sa gitna ng pagbabago ng klima dahil sa mga aktibidad ng tao. Totoong ang El Niño ang nagpapataas ng temperatura, subalit ang *greenhouse gases* o ang maruming hangin ang dahilan sa patuloy na pag-init ng mundo. Karamihan dito ay nagmumula sa pagsunog ng "fossil fuels" o langis at karbon bilang panggatong. Ayon din sa mga maka-kalikasang siyentista, ang walang habas na pagkawasak ng kapaligiran at kalikasan ang nagpapasidhi ng pagbabago ng klima na dahilan ng mga matitinding kalamidad at sakuna.

Ang isla ng Palawan, bilang itinuturing na "last ecological frontier" ng bansa ay saksi sa pagkasira ng kalikasan dahil sa pandarambong sa yamang mineral nito ng mga dambuhalang mina at iba pang mapangwasak sa kalikasan na mga proyekto para pagtubuan ng mga monopolyong dayuhan at malalaking burgesya kumprador (MBK)-panginoong maylupa (PML) kasabwat ang mga lokal na malalaking burukrata sa probinsya. Sa ilalim ng patakarang neoliberal, naging mas agresibo at makapangyarihan ang mga dayuhang monopolyo kapitalista kasabwat ang mga MBK-PML sa pagpapasasa at pandarambong sa likas na yaman ng Palawan. Nabuyangyang ito nang isabatas ang Mining Act of 1995 sa ilalim ng rehimeng US-Ramos. Pumasok ang malalaking kumpanyang mina tulad ng RTMNC sa Bataraza, Berong Nickel sa Quezon, Citinickel sa Española, liban pa sa nakaambang pag-apruba ng libong aplikasyon sa pagmimina. Mayroon ding mga nakatayong planta para sa pagpoproseso ng mababang uri ng *nickel*, *crude oil* at *kernel oil* mula sa *palm oil*. Dahil rin sa pinalawak na taniman ng *oil palm* sa probinsya o estilong *monocropping*, higit na nasira ang lupang agrikultural, *kapaligiran* at kalikasan ng isla.

Malaon nang pinoprotesta ng mga katutubo, mga residente sa lugar, taong simbahan at iba pang maka-kalikasang mamamayan ang mga dambuhalang operasyon ng mina laluna sa Brooke's Point. Anila, hindi lamang ang bayan ng Brooke's Point ang apektado kundi ang buong mamamayan ng isla at maging ang buong bansa bilang "last frontier" ng Pilipinas ang Palawan. Mapanganib sa buhay at kabuhayan ng mga katutubo, mga magsasaka at mamamayan ang labis na pagkasira ng kapaligiran at kalikasan.



PULANG GIYA

Pahayag ni Leona Paragua
Tagapagsalita
National Democratic Front of the Philippines-Palawan
Enero 28, 2024

# Kasarinlan at karapatan, lupa at kabuhayan, hindi *chacha*!

Mariing kinukundena ng NDFP-Palawan, kaisa ng malawak na hanay ng mamamayang Palaweño, ang ginagawang pagraratsada ng rehimeng US-Marcos II na baguhin ang Konstitusyong 1987. Sa gitna ng krisis pang-ekonomya na nagdulot ng ibayong kahirapan at pagdurusa ng mamamayan, sukdulan ang pagpapauna sa makitid na makauring interes ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at pangangayupapa sa pagsunod sa utos ng imperyalismong US upang higit na higpitan ang kontrol at lubusin ang mga pakinabang nito sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Matapos ang mga bigong pakana ng mga nagdaang rehimen na itulak ang *chacha*, todo-larga sa kasalukuyan ang mga maniobra ng rehimeng US-Marcos II para isagasa ito. Daan-daang milyong piso ang ibinuhos nito para koordinado at garapalang pakilusin ang mga alipures ni Marcos sa kongreso, senado at mga lokal na gubyerno. Sa tulak ng kampong Marcos-Romualdez, inilunsad ang huwad na "people's initiative" na pinangungunahan ng huwad na grupong People's Initiative for Reform and Modernization (PIRMA) para magpetisyong baguhin ang Konstitusyong 1897 at para isingit ang probisyon para sa magkasanib na pagboto ng Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso sa pagpapatibay ng mga panukalang susog sa konstitusyon. Tusong ipapawalambisa ng maniobrang ito ang kapangyarihan ng senado upang lamunin ng kapangyarihan ng Kamara de Representates o House of Representatives na pinamumunuan ni Romualdez. Malinaw itong tinututlan ng senado sa kanilang *unanimous* na pagtindig ng pagtutol sa isinusulong na ito ng Mababang Kapulungan ng Kongreso.

Sa pagsusulong nila ng "people's initiative", garapalan nang iginagapang sa buong bansa ang pangangalap ng pirma pabor dito mula pa noong unang mga araw ng buwan. Pinadalhan ng kinakailangang *forms* ang mga kongresista mula sa iba't ibang partido pulitikal at ipinatatagos nila ang pagpapapirma hanggang antas-barangay, kung saan kinakasabwat nila ang mga *barangay official*. Nililinlang ng mga pagpapapirmang ito ang taumbayan na isinasabay sa mga ayuda at iba pang pakulo ng mga lokal na gubyerno nang hindi ipinaliliwanag sa mamamayan ang gagawing pagbabago ng konstitusyon.

Tulad ng kadilimang unti-unting lumalambong sa kalupaan, pinalalaganap na ni Jose Alvarez sa probinsya ng Palawan ang pagpapapirma pabor sa *chacha*. Tigas-mukhang ipinagmamalaki pa niya na pinangungunahan niya ito at na nalagpasan na ng 2nd District ng Palawan ang 3% minimum na pirma. Inuudyok pa niya ang 20% ng populasyon nito na pumirma. Sa ganito, hindi maitatanggi ang pagyukod niya sa rehimen, kasabay ng pagkamal ng sariling ganansya sa panukalang pagpapalawig ng termino ng mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno kapag natuloy ang *chacha*.

Malinaw na ang pakanang *chacha* ay kontra-mamamayan, kontra-mahirap, anti-nasyunal at anti-demokratiko. Kung magtagumpay ang rehimeng US-Marcos II sa *chacha*, babaguhin nito ang mga probisyong pang-ekonomya ng Konstitusyong 1987 para lubusang ipaubaya sa mga dayuhang kapitalista ang pag-angkin at pagdambong sa yaman ng bansa para magkamal ng supertubo. Patitibayin nito at sesementuhin ang mga patakarang neoliberal sa mismong reaksyunaryong konstitusyon ng bansa na wawasak sa lokal na agrikultura at industriya. Pipilayin nito ang ekonomya at aalisin ang kakayahan ng Pilipinas na paunlarin ang lokal na produksyon at buu-buong sumalig sa importasyon. Tiyak na huhugos ang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya at pamumuhunan sa pagmimina, agro-korporasyon at malalawak na plantasyon sa Palawan sa kapariwaraan ng mga katutubo at iba pang mamamayan at tuluyang pagwasak ng kapaligiran sa probinsya at bansa.

Dagdag pa, nais ng imperyalismong US na ganap nitong gawing *forward military base* ang Pilipinas. Upang maisakatuparan ito, nilalayon ng *chacha* na alisin ang pagbabawal sa mga dayuhang base militar sa bansa. Malaki ang epekto nito sa probinsya lalo't estratehiko ang geopulitikal na pusisyon nito sa pinatitinding tensyong militar ng US laban sa China sa rehiyong Asia Pacific. Nitong January 17 lamang, bumisita ang US Armed Forces Special Operations Command Pacific kay Dennis Socrates bilang paghahanda sa ilulunsad na namang ehersisyong militar ng US sa probinsya na Tempest Wind 2024. Ibayo nang paglabag sa karapatang-tao at abala sa kabuhayan ng mamamayan ang lagi't laging idinudulot sa bawat pagtapak ng mga mersenaryong sundalong Amerikano sa isla ng Palawan sa mga ehersisyong militar nito. Higit ang pangamba ng mga Palaweño kapag buu-buo nang naibukas ang bansa bilang base militar ng US.

Para naman kay Marcos, layunin niya sa *chacha* na burahin ang mga markang anti-diktadura sa Konstitusyong 1987 dahil ito ay binuo at pinagtibay matapos ang pag-aalsang EDSA na nagpabagsak sa diktadurang rehimeng US-Marcos noong 1986. Sa harap ng malakas na daluyong ng demokratikong kilusang masa, napilitan ang pumalit na naghaharing estado na lagyan ng mga palamuting demokratiko at makabayan ang reaksyunaryong saligang batas. Gayunman, sa mahigit

tatlo't kalahating dekada, inikutan o tahasang nilabag ng reaksyunaryong gubyerno ang mga probisyon nito sa pagpapatupad ng mga batas at patakaran pabor sa interes ng imperyalistang US at kasabwat ang lokal na naghaharing-uri sa kapinsalaan sa mga demokratikong karapatan at interes ng sambayanan.

Upang kontrahin ang pakana ng reaksyunaryong rehimen, kumalat na parang apoy ang pagtutol ng iba't ibang pwersa at sektor sa pagputok ng balita ng pagtutulak ng *chacha*. Binatikos ng malawak na hanay ng mamamayan ang "people's initiative" na umalingasaw sa baho dahil sa nalantad na panunuhol at korapsyon kapalit ng pirma. Binabatikos din ng mga progresibo at mga pambansa-demokratikong pwersa ang *term extension* ng mga burukrata kapitalista at ang planong pagpasok ng mga neoliberal na amyendang pang-ekonomya na mag-aalis ng mga limitasyon sa dayuhang pamumuhunan at nagbabawal na magmay-ari ng lupa sa bansa.

Nananawagan ang NDFP-Palawan na magkaisa at puspusang labanan ng mamamayang Palaweño ang *chacha* dahil lalo nitong palalalain ang neoliberal na sistemang nakasalalay sa dayuhang pamumuhunan at pag-aangkat, pumapatay sa lokal na kabuhayan, nagtutulak ng ibayong pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pumipigil sa pagtaas ng sahod sa probinsya, at ng korapsyon ng mga dinastiyang pampulitika ng pamilyang Alvarez at Socrates. Dapat igiit at ipaglaban ang pambansang kalayaan at soberanya, gayundin ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan sa lupa at kabuhayan.

Hinihikayat din ng NDFP-Palawan ang malawak na hanay ng mga progresibo at makabayang negosyante at panggitnang pwersa ng Palawan upang pigilan at labanan ang pagbubukas sa mahahalagang aspeto ng ekonomya ng bansa sa 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa mga lupa at serbisyong pampubliko na idudulot ng *chacha*. Tiyak na isasangkalan ng rehimen sa pamamagitan ni Romualdez kasabwat sina Alvarez at 1st *district representative* Salvame ng lokal na reaksyunaryong gubyerno ang napakamahal na singil at papalya-palyang suplay ng kuryente ng Palawan Electric Cooperative (PALECO) upang papasukin ang dayuhang pagmamay-ari at pamumuhunan sa kuryente at enerhiya, at upang isalaksak ang pangangailangan ng enerhiyang nukleyar sa pinirmahang Kasunduang 123 sa pagitan ng Pilipinas at imperyalismong US.

Sa gitna ng lumulubhang krisis dulot ng pandarambong ng imperyalismong US at lokal na naghaharing-uri, dapat paigtingin ng mamamayang Palaweño ang pakikibaka para sa buhay at kabuhayan. Dapat ikawing ito at pataasin sa komprehensibong pagsusulong ng pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal, anti-pasista. Pahugusin sa lansangan ang mga makabayan, progresibo at demokratikong pwersa bitbit ang mga karaingan at panawagan ng mamamayang Palaweñong inaapi at pinagsasamantalahan. Katulad ng naganap sa Unang Pag-aalsang EDSA noong 1986, dapat mag-ipon ng lakas, palawakin ang pagkakaisa at padaluyungin ang pambansa-demokratikong kilusang masa na sisingil sa papet, pasista at pahirap na rehimeng US-Marcos II.

**BALITA**

## *Chacha*, tusong pakana ng rehimen kasabwat ang pangkating Alvarez

Hindi nahuli ang Palawan sa maniobra ng rehimeng US-Marcos II para sa *charter change* sa pagpasok ng taong 2024. Ipinagmalaki ni Jose Alvarez na pinangungunahan niya ang pagpapapirma at nalagpasan na umano ng 2nd District ng Palawan ang 3% minimum na pirma. Liban dito, inuudyukan pa niyang pumirma rin ang 20% ng populasyon sa probinsya. Samantala, nanawagan naman si Bishop Broderick Pabillo ng Apostolic Vicariate of Taytay sa mamamayang Palaweño na wag pumirma. Ani Pabillo, hindi ito inisyatiba ng mamamayan kundi ng iilang pulitiko lamang.

Gamit ang mga hungkag at gasgas na dahilang para ito sa "pagpapabuti ng ekonomya ng bansa at pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan", pinakikilos ng estado ang lahat ng maka-US at mga lokal na tagapagtaguyod ng neoliberal na mga patakaran para impluwensyahan ang publiko at ipatanggap ang kanilang pakana. Sa pagbaybay ng Ibon Foundation sa karanasan ng ating bansang 100% nakabukas ang sektor ng manupaktura sa dayuhang pagmamay-ari, lalong malinaw ang deindustriyalisasyon ng bansa ngayong 2023 kung saan bumagsak ang sektor sa pinakamaliit na bahagi sa ekonomya na 17.9% sa 75 taon. Pinakamaliit din ang bahagi nito sa empleyo na 7.3% sa kasaysayan ng bansa.

Ani Leona Paragua, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines-Palawan, "Tunay na pagbabagong panlipunan at hindi *chacha* ang solusyon sa daantaong suliranin ng lipunang Pilipino. Ang pagiging sarado ng bansa sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at pagpapanatili ng malakolonyal at malapyudal na sistema ang dahilan kung bakit agraryo, atrasado, de-industriyalisado ang ekonomya ng Pilipinas at lugmok sa karalitaan ang pinakamalaking bilang ng mamamayang Pilipino."

Panawagan ni Paragua sa mga Palaweño, "dapat pag-ibayuhin ng bayan ang paglaban sa *chacha* at lahat ng pakana ngng rehimeng US-Marcos, ng pangkating Duterte at kasabwat na mga lokal na naghahari sa Palawan na wasakin at isuko sa imperyalistang interes ang bansang Pilipinas at tuluyan nang pagkaitan ang mga Pilipino."

# Sa papatinding tensyon sa WPS,

## Mga pagsasanay-militar at iba pang tipo ng kooperasyong RP-US sa WPS

**Pebrero 9.** Magkasabay na naglayag ang BRP Gregorio del Pilar at USS Gabrielle Giffords sa saklaw ng eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas sa WPS. Ito na ang ikatlong Maritime Cooperative Activity sa bansa bilang pagpapakita umano ng matatag na kasunduan (commitment) ng magkabilang panig na palakasin ang seguridad at istabilidad sa buong rehiyong Indo-Pasipiko.

Ginamit ng mga yunit na lumahok sa aktibidad ang BRP Gregorio Del Pilar (PS 15) ng PN at lulan nitong AW109 Naval Helicopter at ang USS Gabrielle Giffords (LCS 10) ng US Navy na may lulang MH-60S Seahawk Helicopter.

Inilunsad sa nasabing aktibidad ang mga pagsasanay kabilang ang pagsasanay sa pagpapasa, komunikasyon, *photo*, taktika sa paghihiwa-hiwalay, at pagsasanay ng *officer of the watch maneuvers.* Lahat ito'y nakadisenyo sa pagpapaunlad sa koordinasyon at kooperasyon sa pagitan ng dalawang pwersa sa mga senaryong pandagat.

## China, nagbababala sa GRP

Dalawang-beses na binomba ng China ng *water cannon* ang mga *resupply mission* ng Unaizah May 4, isang sibilyang barkong ginagamit ng Philippine Navy (PN).

Noong Marso 1, apat na personel ng barko na sana'y patungo sa Ayungin o Second Thomas Shoal ang nasugatan dahil sa pambobomba ng *water cannon* ng China Coast Guard (CCG) at Chinese Maritime Militia (CMM). Nabasag ang *wind shield* ng sasakyan ng PN. Ito ang kauna-unahang pagkakataong nasugatan ang mga tropa ng GRP sa panghaharas ng China. Naganap ang pangalawang insidente ng pambobomba nitong Marso 23 kung saan nagtamo ang barko ng matinding pinsala at muling ikinasugat ng mga *personnel* ng PN na lulan nito. Bukod dito, hinarangan din ng mga barko ng China ang barko ng Pilipinas. Sa parehong araw, Marso 23, agresibong hinaras ng isang helikopter ng Chinese Navy ang mga Pilipinong mananaliksik na naglulunsad ng sarbey malapit sa Pag-asa Island. Limang minutong lumipad ang helikopter 20 metro lamang ang taas mula sa mga mananaliksik. Tumilamsik ang mga buhangin at koral habang lumalapit sa kanila ang helikopter. Nagdulot ang nasabing insidente ng matinding takot sa kanila. Tulad ng dati, diplomatikong protesta at mga pagkundena pa rin ang nagawa ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas (GRP) matapos ang mga insidenteng ito.

Tinugunan ito ng Chinese Foreign Ministry *spokesperson* at ipinagtanggol ang mga hakbangin ng CCG. Ayon dito ay nagpatupad lamang ang CCG ng mga kinakailangang hakbangin sa karagatan para tiyakin ang seguridad ng kanilang karapatan, matatag na hinadlangan ang pag-abante ng mga barko ng Pilipinas at binigo ang kanilang pagsisikap. Iginiit nitong muli na ang Ayungin Shoal na tinatawag nilang Nansha Qundao at mga katubigan nito kabilang ang Ren'ai Jiao ay matagal nang teritoryo ng China alinsunod sa mahabang kasaysayan at pandaigdigang batas. Kasunod nito ang panawagan ng China sa Pilipinas na tigilan na ang paglabag at probokasyon at maghunos-dili sa pagsira sa kapayapaan at istabilidad sa South China Sea. Sa huli, nagbanta ang China na kapag nagpatuloy ang Pilipinas sa mga aktibidad ng huli, patuloy ring magpapatupad ng mga hakbangin ang China para tiyakin ang seguridad ng teritoryal na soberanya nito at mga karapatan at interes sa karagatan at na dapat paghandaan ng Pilipinas ang anumang konsekwensya ng mga ito. APL


*PEBRERO 9: RP -US Maritime Cooperative Activity*



*MARSO 5: Pambobomba ng tubig sa Unaizah May 4*



*MARSO 23: Pambobomba ng tubig sa Unaizah May 4*




*MARSO 23: Panghaharas ng helikopter ng Chinese Navy sa mga Pilipinong mananaliksik*



# *International mission* ng mga mamamahayag, inilunsad sa ika-13 taong pagkamatay ni Doc. Gerry Ortega

Naglunsad ng misyon sa Pilipinas ang isang koalisyon ng mga pandaigdigang organisasyon sa midya para patuloy na maghanap ng hustisya sa kaso ng pagpatay sa makakalikasang mamamahayag na si Gerry Ortega na 13 taon nang wala pa ring nakakamit na hustisya. Pangunahing suspek sa pagpatay sa kanya ang noo'y gobernador ng Palawan na si Joel Reyes na nananatiling malaya at nagawa pang tumakbo sa nakaraang 2022 eleksyon.

Pinangungunahan ang koalisyon para sa kaso ni Ortega ng pandaigdigang organisasyon para sa kalayaan sa pamamahayag na Free Press Unlimited (FPU), katuwang ang pandaigdigang *watchdog* sa midya na Committee to Protect Journalists (CPJ) at Reporters Without Borders, at ang lokal na organisasyon sa midya na National Union of Journalists of the Philippines (NUJP). Inilunsad nila ang inisyatibang "A Safer World for Truth" sa isang *press conference* noong Marso 1 na naggiit sa kasalukuyang rehimeng Marcos II na tutukan ang kaso ni Ortega.

Si Ortega ay isang maka-kalikasang mamamahayag sa Palawan na nag-ulat hinggil sa maling paggamit ng lokal na gubyerno sa pondo ng Malampaya. Pinaslang siya noong Enero 24, 2011. Ani Jos Bartman ng FPU, nakipag-usap sila kay DOJ Asst. Sec. Jose Dominic Clavano noong Pebrero 29 at nagbigay ng mga impormasyong hawak nila hinggil kay Reyes at itulak na ang paglilitis sa kanya. Makikipag-usap din umano sila sa PNP kaugnay nito.

Ayon naman kay Beh Li Yi ng CPJ, ang kaso ni Ortega ay maituturing bilang isang kasong sagisag ng malalim na impyunidad sa bansa sa usapin ng pagpatay sa mga mamamahayag. Ayon naman kay Ronalyn Olea, *secretary-general* ng NUJP, kasabay ng kanilang panawagan para sa hustisya sa kaso ni Ortega, dapat din umanong tutukan ng rehimen ang pagbibigay-hustisya sa apat pang mamamahayag na napatay sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon.

Nagprotesta rin ang mga tagapagtaguyod ng karapatang tao at kalayaan sa pamamahayag at mga makakalikasang grupo sa harap ng Korte Suprema sa Manila noong Enero 24. Pinangunahan ito ng Kalikasan People's Network for the Environment at ng NUJP. Kinundena nila ang mabagal na pag-usad ng kaso ni Ortega, kabilang ang pagtatalaga ng bagong hukom para sa nasabing kaso.

Kasabay ang protesta ng pagbisita sa Korte Suprema ng United Nations Special Rapporteur on Freedom of Expression na si Irene Khan. Layunin ng pagbisita ni Khan sa bansa mula Enero 23 hanggang Pebrero 2 na siyasatin ang kalagayan ng kalayaan sa opinyon at ekspresyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga kooperasyon at dayalogo.



***International Mission ng mga mamamahayag***



***Kilos-protesta sa harap ng Korte Suprema***

## Tatlong-buwang pagbabawal sa komersyal na pangingisda sa Palawan, pansamantalang inalis

Nagbunga ang ilang dekadang pakikibaka ng mga mangingisdang Palaweño sa isa sa mga kautusan ng salot na Palawan Council for Sustainable Development Administrative Order 5 (PCSD AO#5) matapos pansamantalang alisin ng lokal na gubyerno ng probinsya ang tatlong buwang pagbabawal sa komersyal na pangingisda sa probinsya, liban sa Puerto Princesa City nitong Pebrero 1.

# Ang pumapalaot na kabuhayan ng mga mangingisdang Palaweño

Sa katangiang arkipelago ng Pilipinas, na naliligiran ng mga karagatan at iba pang yamang tubig, napakapaborableng hanapbuhay sa iba't ibang bahagi ng bansa ang pangingisda. Katunayan, noong 2017 ay tinukoy na ika-siyam ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamalalaking bolyum ng isdang nahuhuli. Pang-11 ito sa mga bansang may pinakamalaking bolyum ng isdang inaani sa produksyong akwakultura habang pang-apat ito sa bansang may pinakamalaking bolyum ng napoprodyus na *aquatic plants* sa buong daigdig. Nag-eempleyo ito ng aabot sa 1.5 milyong Pilipinong imbwelto sa maliitan o munisipal na pangingisda, komersyal na pangingisda, akwakultura, pagtitinda at pagbibiyahe ng isda.

Gayunman, nakalulungkot isiping maliit ang ambag ng industriya ng pangisida at akwakultura sa taunang tantos ng paglago ng Gross Domestic Product (GDP) ng bansa na nasa mahigit 1% lamang. Gayundin, nananatiling ang mayorya sa maliliit na mangingisdang Pilipino ay imbwelto sa maliitan at atrasadong paraan ng pangingisda at labis na pinagsasamantalahan sakali ma-empleyo sila sa mga malalaking kumpanya sa pangingisda. Konserbatibong naitala ng Philippine Statistics Authority (PSA) sa ulat nito noong Marso 2023 na nananatiling kabilang ang sektor ng mangingisda, kasama ang uring magsasaka, sa pinakamahihirap na mamamayan sa Pilipinas na 30.6% o katumbas ng isa sa sampung mangingisda ang nabubuhay sa ibaba ng tantos ng kahirapan sa bansa. Sa ulat ng IBON Foundation noong 2020, resulta ito ng kapabayaan ng gubyerno sa sektor ng agrikultura at pangisida na nagrehistro lamang ng nasa 1.2% taunang tantos ng paglago. Sa saklaw ng mga taon mula 2016-2022, 1.8 milyong trabaho sa agrikultura ang nawala, kabilang ang sektor ng pangisdaan.

**Kalagayan ng mangingisdang Palaweño**

Ang Palawan ang tinaguriang galunggong *capital* ng Pilipinas at matatagpuan dito ang iba pang uri ng isda tulad ng sardinas, *anchovies, grouper, snapper, squid* o pusit, *mackerel*, tuna, *crevalle* at sigad. Matatagpuan ang pinakamalaking bilang ng mangingisda sa probinsya sa baybaying bahagi ng norte. Mayorya sa mga mangingisdang Palaweño ang maliliit na mangingisdang gumagamit ng lambat at kawil, mga gumagamit ng bangkang de-sagwan, de-layag, baruto o lunday at ang ilan naman ay gumagamit ng mahihinang klase ng motor na may 4-16 *horse power* lamang. Sa pagdami ng mga kapitalistang namumuhunan sa *commercial fishing*, sumulpot na rin ang mga sahurang mangingisdang sumasama sa malalaking palakayang lumalaot nang buwanan sa karagatan. Karaniwan na ang mababang kaparte ng mga mangingisda sa kita mula sa nahuhuling isda at walang kasiguruhang pangkalusugan natatamasa ang mga ito. Ito ang mga dahilan kung bakit noong 2019 ay naitala sa tatlong bayan sa Palawan ang pinakamahihirap na mga mangingisda sa buong MIMAROPA.

Nakapwesto ang Palawan sa harap ng West Philippine Sea (WPS) na tahanan ng nasa 12% ng pandaigdigang huli sa isda at 20% ng kabuuang taunang produksyon ng isda sa bansa. Sa dating karanasan ng mga mangingisda, kinakaya nilang makapag-uwi ng P500-P1000 sa isang araw na kita. Pero unti-unti itong lumiit mula 2014, nang nagsimulang pumusisyon ang China sa Subi Reef. Ngayon, maswerte nang kumita sila ng P300 kada araw. Bukod sa mga panganib ng gwardyadong pangingisda ng China sa rehiyon at pagdagsa ng iba pang komersyal na barkong pangisda na sumisira sa mga bahura, napansin ng mga lokal na mangingisdang unti-unting pumapalaot ang mga isda palayo sa kanilang dating pangisdaan.

Sa karanasan ng mga mangingisda sa isla ng Pag-asa bago nito, sa dalawang oras na byahe ay makakahuli na sila ng 50kls ng isda, pero ngayon, anila, maghapon mang bumabad sa laot ay hindi na nila makamit ang dating dami ng huli. Sa isla naman ng Cuyo, lumiit sa 20kls ang nahuhuli ng isang grupo ng mga mangingisda mula sa dating 30-40kls. Lalong naging pasakit para sa kanila ang napakataas na presyo ng gasolina at krudo na panggatong nila sa maliliit nilang bangka.

Apektado rin ng mga natural na sakuna ang hanapbuhay ng mga mangingisda. Winawalis ng malalakas na bagyo ang kanilang mga kagamitang pangisda, kundima'y inaabala ng mga sama ng panahon ang kanilang mga aktibidad. Sa panahon naman ng El Niño na kasalukuyang nararanasan sa buong bansa, nanganganib ang maramihang pagkamatay ng mga isda o *fish kill* at ang pagsalanta ng *red tide* dahil sa abnormal na pagtaas ng temperatura ng ibabaw ng tubig dagat.

Sa gitna ng lahat ng ito, kapos, madalas ay inutil at kung minsan pa'y katumbalik ang tugon ng lokal na reaksyunaryong gubyerno sa probinsya. Ang mga tulong at pondong iniaanunsyong ipinamumudmod ng reaksyunaryong gubyerno ay madalas na mumo at/o halos di nakakarating sa malalayong komunidad sa probinsya. Noong 2019, inamin mismo ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources sa pamamagitan ng direktor nitong si Eduardo Gongona na atrasado at

malayo sa pagiging moderno ang sektor ng pangisda sa probinsya dahil hindi ito ang tinututukan ng mga programa, proyekto at pondo nito. Sa halip, ani Gongona, mina, *quarry* at turismo ang tinututukan ng LGU ng probinsya. Sa halip na tulungan ang mga mangingisda, mas pinipiling pumasok ang probinsya sa mga kasunduan para tuluyang talikdan ang responsibilidad nito at iasa na lamang sa mga pribadong organisasyon ang pagbibigay ng serbisyo sa mga magsasaka at mangingisda sa pamamagitan ng Province-led Agriculture and Fisheries Extension System (PAFES).

**Mapanupil na mga kautusang sumasakal sa mga mangingisda**

Ipinatupad ng pambansang gubyerno noong 1998 ang Fisheries Code na nagpakitid sa saklaw ng mga maliliit na mangingisda. Tinukoy ang 15 kilometrong karagatan mula sa pampang bilang munisipal na pangisdaan at para lamang sa mga di lalampas sa tatlong toneladang *gross* na huli ng bangkang gamit. Kasabay nito ang pagbibigay-laya sa malalaking komersyal na barko na makapangisda sa saklaw ng mga munisipal na pangisdaan basta't aabot ito sa pitong dipa. Kagyat na iniresulta nito, sa ulat ng United Nations Food and Agriculture Organization ang pagbaba sa 2kl ng arawang huli ng isda ng karaniwang munisipal na mangingisda mula sa 20kl noong 1989.

Binigyang-daan din ng Fisheries Code ang reklamasyon at kumbersyon ng pangisdaan na sistematikong nagpalayas sa mga mangingisda at mamamayan sa mga tabing dagat at lawa. Resulta nito ang malawakang reklamasyon at kumbersyon ng pangisdaan na dulot ng National Reclamation Plan para sa mga ekoturismo at libangan sa iba't ibang bahagi ng bansa at probinsya. Kabilang rito ang Taytay, Coron, El Nido at San Vicente na nagpalayas sa mga mangingisda at mamamayan sa mga baybaying-dagat.

Itinaas naman ng amyenda sa Fisheries Code o RA20654 ang multa sa mga paglabag sa naturang batas. Itinuring din nitong *prima facie* ang mga paglabag—kahit di pa napapatunayan sa korte ang pagkakasala ay papatawan na ng mga di-makatarungang multa at iba pang parusa.

| Multa | Papatawan ng multa |
|---|---|
| P50 libo | munisipal na mangingisda |
| P9 milyon | maliit na komersyal na pangisda |
| P10 milyon | katamtamang laki |
| P20 milyon | malalaking komersyal na pangisda |

Samantala, matinding parusa rin ang hatid ng Palawan Council for Sustainable Development Administrative Order No.5 noong 1995 na nagtakda ng *open* at *closed season*, ng laki ng isdang mahuhuli at nagdagdag ng tinaguriang mga Marine Protected Areas sa 30% ng *municipal waters* na lalong nagpakitid sa lugar-pangisdaan ng mga mangingisda. Ibinukas bilang *open season* mula Enero 1-Hunyo 15, Setyembre 1-Oktubre 15 habang *closed* naman ang Hunyo 16-Agosto 31, Oktubre 16-Disyembre 15. Iniresulta nito ang apat at kalahating buwang *closed season* o pagbabawal sa pangingisda. Sa panahong ito obligadong maghanap ng ibang hanapbuhay ang mga mangingisda sa probinsya tulad ng pagpapaupa sa mga trabaho sa bukid, *construction* at iba pa kapalit ang mababang sahod. Sa loob ng *open season* na ito, malupit pang itinakda ang tatlong buwang (Marso 1-Mayo 31) pagbabawal sa panghuhuli ng *live reef fish* para diumano ireguleyt ang panghuhuli ng mga ito. Saklaw nito ang suno, loba at lapung baboy na paboritong hulihin ng mga mangingisda at itinuturing bilang mamahaling pagkain sa malalaking *restaurant* sa bansa. Ginawa nitong *seasonal* o kontraktwal ang maraming mangingisda. Isang malaking tagumpay ng tuluy-tuloy na pagkilos at protesta ng mga mangingisda ang ginawang pagpapatigil ng pagbabawal dito ngayong taon liban sa Puerto Princesa City kung saan ipinagbabawal hindi lang ang panghuhuli kundi maging ang pagbibiyahe at pagbebenta ng mga *live reef fish*.



Dulot ng tuluyang pag-abandona ng estado sa kapakanan at karapatan ng mga mangingisda at pagpapaubaya, sadyang hindi na mapigil ang tuluyang pagpalaot ng hanapbuhay ng mga mangingisdang Pilipino. Resulta nito ang pagkalantad nila sa higit na panganib sa kanilang buhay—panganib na di na makauwi sa mga biglang sama ng panahon o pagtama ng bagyo, masagasaan at/o harasin ng dayuhang barkong pangisda ng China, o di kaya'y hulihin ng sariling bantay-dagat at *coast guard* ng Pilipinas.

Malaon nang hiling ng mga mangingisdang Palaweño at sa buong bansa ang pagbabasura sa Fisheries Code. Sa halip na papatse-patseng limos, tulong at hakbangin, para sa kanila, dapat magtaguyod ang gubyerno ng sistema, programa at mga kautusang tunay na tatangkilik at tataguyod sa napakalaking potensyal ng sektor ng pangisdaan para pagsilbihin sa tunay na pambansang kaunlarang kapaki-pakinabang para sa lahat. Higit pa, nakakabit sa paggigiit ng pambansang kasarinlan at demokrasya ang karapatan at kalayaan ng mga mangingisdang makapangisda sa buong saklaw ng teritoryo ng bansa at pakinabangan ang yamang likas na dapat siya ang naglilinang. Hangga't hindi ito iginigiit at ipinakikipaglaban, tuluyang mapapariwara ang kabuhayan, maging ang buhay ng mga mangingisdang Pilipino. APL

Kolum ni Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng BVC-NPA Palawan




# Hinggil sa epekto sa masang Palaweño ng *strategic island defence* ng rehimeng Marcos II at ng imperyalismong US

Marubdob na pagbati ng pakikipagkaisa at puspusang paglaban!


Batid kong nitong mga nakaraang buwan at taon, matinding takot at pagkabahala ang naramdaman ninyo sa sunud-sunod na mga aktibidad at pagsasanay militar ng pasistang Western Command (WESCOM) kasama ang mga sundalong Amerikano sa inyong mga lugar. Paparami at papalaki ang inilulunsad ng imperyalismong US na mga *war games* sa kalupaan, baybayin at karagatan ng Palawan na mga bahagi ng soberanong teritoryo ng Pilipinas. Nagagambala kayo sa mga lumilipad nilang helikopter at eroplanong pandigma, at sa mga nakadaong at lumalaot na barkong pandigma nila sa lugar na inyong pinapangisdaan, sa nakagigimbal na pagpapaputok nila ng baril at pagpapasabog ng bomba. Presensya pa lang nila sa ating komunidad, tiyak na abut-abot na ang inyong pag-aalala dahil sa perwisyong hatid nila sa ating buhay at kabuhayan.

Tiyak akong naiisip na ninyo, at nababasa sa nakaraang mga edisyon ng ating rebolusyonaryong pahayagan at mga pahayag, ang dahilan kung bakit ginagawa ito ng imperyalismong US. At tama kayo, mga mahal kong kababayang mambabasa, na ginagamit ito ng US sa pang-uupat ng gera at "paghahanda ng teatro ng digma" laban sa China.

Sa pagsisimula ng taon, inianunsyo ni Gilbert Teodoro, kalihim ng Department of National Defense, ang pagkakabuo ng Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CADC) ng AFP. Ang plano sa depensang ito ay para diumano sa proteksyon sa karagatang sakop ng *exclusive economic zone* ng Pilipinas. Sa totoo, karugtong ang CADC ng "archipelagic defense strategy" ng US na nagtulak para sa paglalatag ng sistema ng mga misayl at kanyon sa tinagurian nitong "first-island chain" sa Pasipiko. Inilalako nila ang estratehiyang ito bilang paraan para pigilan ang paglawak ng kapangyarihang militar at ekonomya ng China. Sa likod ng estratehiyang ito ang pagbibigay sa US ng "malalim na depensa" oras na sumiklab ang gera sa pagitan nito at ng China. Ibig sabihin, ang mga bansang nasa "first-island chain" tulad ng Japan, South Korea at Pilipinas ang pangunahing iinda ng salantang ihahatid ng isang inter-imperyalistang gerang US at mga alyado nito kontra China, oras na ito ay sumiklab.

Malaking bahagi ng estratehiyang ito ang pagtadtad ng US sa hilaga at kanlurang bahagi ng Pilipinas ng mga base militar at pasilidad na magsisilbing lunsaran ng atakeng misayl laban sa China. Sa ating isla ng Palawan, mayroong depensa sa ere at misayl (aerial and missile defence) at kontra-barkong misayl na nakapusisyon sa itinatayong bagong base militar ng US sa Balabac at sa dati nang dalawang base nito na Antonio Bautista Air Base at Naval Station Carlito Cunanan, pareho sa Puerto Princesa. Ginamit ang pondo ng bayan, rekurso ng mamamayan at *manpower* ng tuta nitong AFP sa konstruksyon ng bagong base at pasilidad ng US.

Taliwas sa katawagan nito, ang "archipelagic defense strategy" ay isang planong opensibo. Pinapayungan ito ng agresibo at mas masaklaw na Indo-Pacific Security Strategy. Kasabay nito ang pagpapalakas ng US ng mga alyansang militar nito sa Asia, tulad ng AUKUS (Australia-United Kingdom-United States) at QUAD (US, UK, India at Japan).




Bilang bahagi nito, ilulunsad ang ika-39 na Balikatan sa darating na Abril at Mayo. Ipinangangalandakan ng US at ng WESCOM sa ilalim ng AFP na magiging pinakamalaki ito sa kasaysayan! At sa katunayan pa nga, itututok ito sa mga "susing lokasyon" sa kanlurang bahagi ng Palawan, isang lugar na makapal ang presensya ng mga barko ng China. Kung noong nakaraang taon ay mahigit 17,000 tropa ang nagsagawa ng mga *combat drill* sa Palawan at iba pang bahagi ng bansa kung saan kasama rito ang mga tropang Amerikano, Pilipino at Australian, ngayong taon, sa unang pagkakataon, lalahok sa *war games* ang France, isang susing alyado ng US sa Europe. Ang Balikatan 2024 ay isa lamang sa mahigit 500 *war games* at iba pang aktibidad militar na planong isagawa ng US sa Pilipinas ngayong taon. Nakatakda pa itong higitan ang dami ng bilang ng mga pwersang lumahok noong 2023.

Marahil ngayong nakikita na ninyong ganito na katindi ang mga paghahanda ng US, ay namumuo na sa isip ninyo ang katanungan, kung sisiklab na ba ang imperyalistang gera sa pagitan ng US at China? Sa pang-uupat ng US laban sa China, sadyang lumalaki ang posibilidad ng pagsiklab ng gera. Itinutulak ng US ang China na gumawa ng hakbangin at pwersahin itong "unang magpaputok", upang maging lehitimo ang digmang agresyon nito sa China.

Naghahatid ng malaking banta sa buhay at kalayaan ng mamamayang Palaweño at ng buong bansa ang kaliwa't kanang panunulsol ng US ng mga gera, partikular na ang pagtutulak nito ng pagpapalakas ng mga operasyon ng WESCOM sa West Philippine Sea (WPS). Ang pagtatayo ng mga base militar ng US bilang bahagi ng paghahanda sa "teatro ng digma" ng US kontra China ay tuwirang paglapastangan sa soberanya at karapatan ng Pilipinas sa pagpapasya-sa-sarili. Ang paggamit ng US sa AFP, partikular sa WESCOM bilang suportang pwersa ay lalong yumuyurak sa kasarinlan ng bansa. Idinadawit ng US ang Pilipinas sa agresibong patakarang pangmilitar nito. Hindi nga ba't ang pagamit ng US ng

mga pasilidad nito sa Pilipinas para magpalipad ng mga misayl, ilunsad ang mga *jetfighter*, o serbisyuhan ang mga barkong pandigma nito, ay hindi malayong gamiting dahilan para targetin ang bansa ng ganting-salakay ng China? Ang pagiging sunud-sunuran ng administrasyong Marcos sa mga utos ng US at pagtatraydor sa kasarinlan ng Pilipinas ang dahilan kung bakit ang bansa ay madadawit sa mga gerang wala namang kinalaman sa ating pambansang interes!


Sa kabilang banda, walang gulugod ang rehimeng Marcos sa harap ng tahasang paglapastangan ng China sa teritoryong pandagat ng Pilipinas sa pagtatayo doon ng mga base militar, at pagkamkam ng China sa mayamang karagatan ng Pilipinas. Ang pang-aaping ito ng China sa Pilipinas tulad ng pagtataboy sa mga mangingisdang Palaweño at pambobomba ng tubig sa Philippine Coast Guard, ay tampalasang ginagamit ngayon ng US at AFP na publisidad para big-yang-matwid, kunin ang simpatya ng mga Pilipino at gawing pambala-ng-kanyon ang mga Palaweño sa ginagawa nitong pagpapalakas ng presensyang militar sa South China Sea.

Samantala, tila mga demonyong humahalakhak ang WESCOM sa tuwing ibinabalita nito na "nagapi na" ang Bienvenido Vallever Command - Bagong Hukbong Bayan Palawan. Pero sino ba sa kanila ang naniniwala? Bakit ba sila desperadong ideklara ito, gayong malalim nang nakaugat ang armadong rebolusyon sa isla? Ang totoo niyan, mga kababayang mambabasa, ay dahil idedeklara nilang ipipihit na ang tutok ng AFP mula "internal na depensa" tungong "eksternal na depensa". Gayunman, wala naman talagang nakikitang indikasyon na balak ng AFP na alisin ang tutok nito laban sa rebolusyonaryong kilusan. Nararanasan pa sa iba't ibang mga rehiyon sa bansa ang walang habas na mga pambobomba at pang-iistraping mula sa ere at panganganyon. Laganap pa rin ang walang-awat na paglabag ng mga yunit ng AFP-PNP sa mga internasyunal na makataong batas sa moderno at sibilisadong digma, at mga karapatang-tao ng milyun-milyong sibilyan at ng *belligerent forces*. Katunayan pa nga, muling nagbigay ng dedlayn si General Romeo Brawner Jr., amboy na hepe ng AFP, nitong Marso para durugin ang lahat ng larangang gerilya pagsapit ng Marso 31, lahat ng mga bertikal na pormasyon ng BHB sa Hunyo 30, at lahat ng Komiteng Rehiyon ng PKP (MLM) sa katapusan ng taon. Ngunit hahayaan ba ng mga rebolusyonaryong mamamayan ng Palawan na magtagumpay ang maitim na plano ng mga kaaway? Tulad ng nakaraang mga itinakda nilang dedlayn ng pagdurog sa atin, mabibigo lang din ang pangarap nitong tuldukan ang paglaban ng mamamayang Palaweño at ng buong sambayanang Pilipino!

Sa harap ng lahat ng ito, aking mga kababayan, dapat tayong magkaisa sa ilalim ng bandila ng patriyotismo at kumilos para manindigan, ipagtanggol at ipaglaban ang ating soberanya at teritoryal na integridad at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Dapat iluwal ang makapangyarihang kilusang anti-imperyalista at laban sa mga imperyalistang digma. Kung hindi, eh tiyak na tuluyang mahihigop ang bansa sa alimpuyo ng inter-imperyalistang gera at papasok ang bansa sa panibagong kabanata ng pambansang pagdurusa.

Dapat nating ipaglaban ang kagyat na makabayan at makatarungang kahingian ng pagbabasura ng lahat ng hindi pantay na kasunduang militar sa US, labanan ang pagtatayo ng base militar at pasilidad sa bansa, lansagin ang umiiral ng base militar at pasilidad ng US, at palayasin ang lahat ng tropang Amerikano sa Pilipinas. Dapat nating ipatigil ang paglulunsad ng Balikatan *exercises*, iba pang mga mapang-upat na *war games* at mga mapanghimasok na aktibidad militar ng US. Kasabay ng paglaban sa imperyalismong US, dapat nating tutulan at labanan ang patuloy na militarisasyon ng China sa WPS at isulong ang paglansag sa lahat ng artipisyal na base militar at pasilidad ng China na narito.

Natatanging kontribusyon ng Partido, ng Bagong Hukbong Bayan, ng rebolusyonaryong kilusan at ng masang Pilipino ang anti-imperyalistang pakikibaka sa balangkas ng pagsusulong ng demokratibong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang armadong rebolusyon sa Pilipinas ang nagsisilbing pinakamalaking balakid sa mga plano ng US na lubos na magamit ang AFP sa geopulitikal na interes nito. At sakaling magsimula ang inter-imperyalistang gerang US vs. China, gagawin ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat na makakaya upang dalhin sa kalitatibong pag-igpaw pasulong ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas.


Praymer


PANUNULSOL NG US NG IMPERYALISTANG GERA SA CHINA, BANTA SA BUHAY AT KALAYAAN NG MGA PILIPINO

Marso 2024

*Basahin ang praymer na inilabas ng Ang Bayan*

# Tagtuyot na dulot ng El Niño, pahirap sa mga Palaweño

Ramdam na ang tagtuyot sa malaking bahagi ng Palawan. Pebrero pa lamang ay naglabas na ng *water crisis alert* ang Puerto Princesa City Council dahil sa panunuyo ng mga tubig sa sapa at ilog. Nairehistro rin nitong huling linggo ng Marso ang napakainit na temperatura sa syudad na 41 *degrees celcius* at nitong Marso 27 ay pumalo sa pinakamataas na 42 *degrees celsius*. Iniulat ding aabot na sa 1,200 magsasaka sa pitong bayan (Aborlan, Bataraza, Narra, Sofronio Española, Quezon, San Vicente, at Taytay) ang apektado ng tagtuyot na dulot ng El Niño.








Liban sa mga ito, apektado rin ang presyo ng produkto sa probinsya dahil sa implasyong tulak ng El Niño na inamin mismo ng Philippine Statistics Authority na umabot ng 4% nitong Pebrero mula sa 3.7% nitong Enero. Sa kabila ng lahat ng ito, ayon sa lokal na sangay ng PAG-ASA sa probinsya ay hindi pa tagtuyot ang kasalukuyang nararanasan dito.

Sa isang pahayag na inilabas ng NDFP-Palawan, sinabi ni Leona Paragua na inaasahang mas titindi pa ang epekto ng tagtuyot sa probinsya at buong bansa laluna't inianunsyo ng PAG-ASA na tatagal pa hanggang Hunyo ang El Niño. Hinamon nito ang lokal na gubyerno ng probinsya na tila bang naghihintay pa ng deklarasyon ng *state of calamity* bago umaksyon.

Sa huli, nanawagan si Paragua na dapat higit na magbigkis at magkaisa ang mamamayan para ilunsad ang iba't ibang tipo ng pagkilos at kabigin ang suporta ng iba't ibang grupo at sektor sa lipunan upang ilantad, singilin at kastiguhin ang estado sa kriminal na kapabayaan nito sa kapakanan at kagalingan ng taumbayan sa gitna ng ganitong mga sakuna. Dapat nilang igiit ang sapat at karampatang tulong at ayuda sa gitna ng pagkapinsala ng kanilang mga kabuhayan. Kasabay nito, dapat nilang ibunsod ang kanilang kolektibong pagsisikap para harapin sa sarili nilang paraan ang pasakit ng tagtuyot. Sinabi niyang dapat pangunahan ng mga alyadong organisasyon ng NDFP sa Palawan ang mga pulong at pagpapatupad ng hakbangin para mabawasan ang pinsalang dulot ng tagtuyot.

# Sa pagdagsa ng mga komersyal na barkong pangisda sa WPS, mga mangingisda, umapela sa gubyerno

Humihingi ng ayuda mula sa gobyerno ang mga mangingisdang Palaweñong apektado ng pagpasok ng mga sasakyang pandagat ng China sa West Philippine Sea ang kanilang pangingisda dahil itinataboy sila ng mga ito. Dumulog sa kongreso ang lider ng mahigit 600 mangingisda sa Puerto Princesa City para humingi ng tulong para sa kanilang mga pamilya.

Kabilang sa hiling ng mga mangingisda ang tulong para makapag-aral ang kanilang mga anak, pagtatayo ng sarili nilang *ice plant* para sa mahuhuling isda at isang gasolinahan upang mas madaling makuha ang kanilang mga pangangailangan.

Nangako si House Speaker Romualdez ng tulong sa anyo ng *scholarship* sa mga anak ng mangingisda, pagbibigay ng malalaking bangka sa kanila sa pamamagitan ni Palawan 2nd dist. Rep. Alvarez at pagtatayo ng *ice plant* at *gas station* sa Aborlan. Maganda man ang mga pangako pero susubukin pa ang lahat ng ito.

Si Romualdez ang tumatayong *caretaker* ng una at ikatlong distrito ng Palawan matapos na pumanaw si Rep. Edward Hagedorn.

# KULTURA

## *Ka Abner, ang una kong iskwad lider*

**ni Ka Alex**

Una kong nakadaupang palad si Ka Abner[1] sa isang gawaing rekoberi sa lalawigan ng Occidental Mindoro. TOD[2] pa lang ako noon, kasama ang isa pang kasamang nagmula sa uring manggagawa. Isang iskwad kaming lumarga, siya ang tumatayong lider. Walang takot ang kasama, palibhasa'y lokal at pamilyar o kabisado ang masa at plastada ng kalupaan. Palibhasa mga kabataan pa kami noon, simple lang sa amin ang pag-maniobra sa mga bulubundukin at ilog ng Amnay, balewala rin ang pisikal beys sa pik-iwan ng isang baseng baryong tabing kalsada. Gabi hanggang madaling araw ang aming gawaing masa o muling pag-ugnay sa mga masa. Hinahatiran na lang kami ng pagkain ng masa. '*Para iwas sa disgrasya ang kaaway'* ika nga ng Ka Abner. Minsan inihaw na pongapong na may sahog o kisang kagáng ang aming pagkain. Dili kaya ay isang latang sardinas at maraming sabaw na may talbos ng siling labuyo, karaniwan ay may 'patungkab' pa (buong sili). Hindi ko rin makalimutan ang paligsahan namin na unahan makaubos ng tabakong ginayat mula sa mga pinatuyong tabako, gamit ang bigay ng masa na dyaryo.

Sa mga pagsasanay militar noong gitnang bahagi ng 1990, kami pa rin ang magkakasama sa pormasyon. Siya ang treynor namin. Kahit sa gitna ng tag-ulan ay puno pa rin siya ng pang-eenganyo na ituloy ang ehersisyo at pagsasanay. Kahit nanginginig na sa lamig dahil basang damit ang paulit-ulit naming isinusuot araw-araw. Kapag tag-ulan sa Occidental, maramot ang araw at di makakatuyo ng damit.

Magkaiskwela rin kami sa pagkuha ng mga aralin ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto o IDKP, hanggang sa pagpakat sa kanlurang bahagi ng lalawigan ng Oriental Mindoro, eryang pinagpapalawakan ito. Saksi ako sa husay at prinsipyadong tapang ng kasama. Kung gaano siya kahusay bilang kadreng militar, mababa ang kumpyansa niya sa pagbibigay ng pag-aaral. Pero hindi niya ito sinukuan. Sariwa pa sa isip ko ang breyktru nya sa pagbibigay ng edukasyong masa, sabi pa niya *'Bagnas pawis kasama!'*

Siya na si Ka Chino sa pagkakataong iyon. Siya rin ang mentor ko sa isang matagumpay na gawing militar. Sa paglalakbay namin matapos ito ay dama rin ang pag-aalala sa mga kasama niya dahil baha ang ilog. Sa husay ng masa, naimaniobra kami patawid ng ilog kahit di na makita ang mga ulo namin sa lakas at laki nito. Sabi nga ni ka Chino, *"Piho abot tayo ng kaaway kundi tayo nakatawid."*

Gitnang bahagi ng taong 2000, muli kaming nagkasama sa isang taktikal na opensiba sa Mindoro. Di ko ito malilimutan dahil muli kaming nagtagumpay dito.

Ito na ang huli naming pagkikita sa Mindoro dahil kalaunan ay malilipat ako ng ibang gawain. Bagama't may pagkakataon na napapalapit ako sa eryang kinikilusan ni Ka Lines, hindi kami nagkikita, kumustahan na lang at paabot ng sulat. Taong 2019, sa pagpasok ko sa isang larangang gerilya sa Palawan, laking gulat ko na andun si Ka Celnon, ang dating Ka Abner sa Occidental Mindoro, Ka Chino sa gawing kanluran ng Oriental Mindoro at Ka Lines sa sentral at timog ng Oriental Mindoro. Kahit may mga pisikal nang limitasyon dahil sa edad, di nagbabago ang paninindigan niya para sa digmang bayan, sa ikapagtatagumpay ng DRB at sa perspektiba nitong sosyalista.

Halos 25 taon kami na magkita-dili, kahanga-hanga ang mahal na kasama na ni isang saglit ay hindi bumitaw sa kanyang sandata at hindi lumisan sa piling ng masang magsasaka, mga pambansang minorya at setler. Higit na kalahati ng kanyang buhay ay walang pag-iimbot at matapat niyang inialay sa ating mahal na Partido, rebolusyon at sambayanan.

Bayani ka ng masang anakpawis sa isla ng Mindoro at Palawan!
Tiyak na ang mga ipinunla mong mapaghimagsik na diwa ay isasabuhay sa mga eryang iyong kinilusan!

1 Si Ka Abner/Chino/Lines ay si Noel Siasico, isang Pulang kumander na namartir sa labanan sa Brooke's Point noong Setyembre 2020 kasama ang apat pang kasama.

2 TOD- *tour of duty*